1. Ano ang Crime Stoppers at paano ito nagtatrabaho?

Ang Crime Stoppers ay isang pagka-kasama na kinapapalooban ng Pulisya ng Victoria at organisasyon ng mga tao na nakabase sa komunidad na naniniwala na makatutulong ang pangkalahatang publiko sa paglutas ng mga krimen. Ang mga tao ay nakatutulong sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyong nauukol sa krimen nang hindi nagbibigay ng pangalan. Ang piniling hindi nalulutas na mga krimen ay inilalathala sa pamamagitan ng mga kasamang media, na may mga kahilingan para sa tulong ng publiko. Ang mga tao ay hinihimok na magbigay ng mga detalye ng anumang uri ng kriminal na kilos.

2. Kailan nagsimula ang Crime Stoppers?

Ang Crime Stoppers ay itinatag noong 1987 sa Victoria, batay sa isang sistemang pinatatakbo sa New Mexico sa Estados Unidos. Ito ay maaaring magamit ng lahat ng mga taga-Victoria na interesadong tumulong na mapangalagaan ang komunidad.

3. Kailan dapat tawagan ang Crime Stoppers?

Kung ang isang krimen ay nagaganap, pinakamabuting tawagan ang linyang pangkagipitan ng Victoria (000) o ang lokal na pulisya. Kung ang iyong impormasyon ay may kaugnayan sa isang krimen na naganap sa nakaraan, tawagan ang Crime Stoppers sa1800 333 000. Ang numerong ito ay dapat ding gamitin upang mag-ulat ng impormasyon kung iyong napag-alaman na may isang krimeng binabalak, o sa pag-uulat ng lokasyon kung saan ang paggawa o bentahan ng bawal na gamot ay maaring nagaganap.

Kung ikaw ay nangangailangan ng tulong ng isang interpreter, tawagan ang Translating and Interpreting Service (Serbisyong kaugnay ng Pagsasalin at Pag-iinterprete) sa 131 450 at hilingin na maikonekta sa Crime Stoppers Victoria.

4. Paano nagtatrabaho ang sentrong tawagan ng Crime Stoppers?

Ang nagsanay na mga opereytor ay tumatanggap ng mga tawag at nagtatala ng ibinigay na mga detalye. Ang impormasyon ay ipinapasa sa pinaka-angkop na seksiyon ng Pulisya ng Victoria para sa pag-aasikaso at imbestigasyon. Ang mga detalye ay mahalaga. Ang mga detalye ng tumatawag ay hindi mahalaga at hindi kaliangang ibigay. Ang pagiging kompidensiyal ng tumatawag ay ang mahalagang katangian ng sistema.

5. Maaari bang malaman kung saan galing ang mga tawag?

Hindi. Ang ginagamit na telepono ay hindi nagbubunyag ng numero ng tumatawag, at ang Crime Stoppers ay hindi nagtatala ng mga tawag. Ang pagiging kompidensiyal ng tumatawag ay tiyak.

6. Maaari bang malaman kung ang isang tawag ay napatunayang nakatulong?

Ang mga tumatawag ay maaaring bigyan ng kodang numero para sa kanilang unang tawag. Ang mga tumatawag ay

Pagtutukoy ng **Krimen**

maaaring gumawa ng pangalawang tawag sa 1800 333 000 makalipas ang apat o limang linggo, babanggitin ang ibinigay na kodang numero. Malinaw na hindi maaaring ibalik ng Crime Stoppers ang mga tawag ng mga tumatawag na kompidensiyal ang mga detalye.

7. Ano ang mga benepisyo?

Ang mga tumatawag ay nag-uulat ng pansariling kasiyahan sa pagtulong na mapangalagaan ang kanilang komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng kontribusyon sa batas at kaayusan at sa kaligtasan ng publiko. Ang mga kasunod na mga paghahatol, at kung minsan ay mga pagbibilanggo, ay nag-aalis ng mga kriminal sa paglaganap. Ang komunidad na aktibo sa pangangalaga sa sarili nito ay maaari ding makahadlang sa mga nagbabalak na magkasala.

Ang pagtitipid ng mga kagamitan ng pulisya, kabilang ang mahalagang oras na ginugugol sa mga imbestigasyon, ay hindi maaaring kalkulahin ngunit isang katangi-tanging benepisyo para sa lahat.

8. Mayroon pa bang ibang benepisyo?

Kung ang pag-aresto ay naging resulta ng ibinigay na impormasyon, maaaring irekomenda ng pulisya sa Board of Crime Stoppers Victoria na tumanggap ng gantimpala ang tumawag na aabot sa halagang $1000, batay sa kalubhaan ng krimen. Ito ay maaaring ibayad nang kompidensiyal kung ang tumatawag ay nananatiling kumokontak at nagbabanggit ng orihinal na kodang numero ng tawag.

9. Matagumpay ba ang Crime Stoppers?

Mula pa noong taong 1987 mayroon ng mahigit sa 425,000 mga tawag, na nagbigay-daan sa mahigit sa 32,800 mga paghahabla. Nakumpiska ang mga bawal na gamot na nagkakahalaga nang mahigit sa $76 milyon at mahigit sa $22 milyong halaga ng mga ninakaw na ari-arian ang nakuhang muli

10. Di ba't ang 'pagsusumbong' ay di-maka-Australyano?

Hindi lahat ng mga tradisyon ay makatwiran. Isang bagay ang hindi paghimok sa mga bata sa "gumawa ng mga kuwento" sa palaruan. Isa pang bagay ang pagkakait ng mahalagang impormasyon tungkol sa krimen kung nakataya ang seguridad ng komunidad. Kung ang mga buhay at ari-arian ay nanganganib sa pamamagitan ng pananatiling hindi nahuhuli ang kriminal, walang masama tungkol sa pagsusumbong. Ang pagpapasa ng impormasyon ay isang responsableng pagkilos ng isang pinahahalagahang tagapagbigay ng kontribusyon para sa higit na ligtas na komunidad. Ang hindi pag-uulat ng impormasyon tungkol sa krimen ay hindi maka-Australyano.

CRIME STOPPERS

1800 333 000

www.vic.crimestoppers.com.au

"Ang Crime Stoppers (Mga Tagapagsugpo ng Krimen) ay nauukol sa pagka-kasama sa pagbabantay, sa pamamagitan ng pagtutulungan ng komunidad, media at pulis na malutas ang krimen sa kabuuan ng ating estado.

Sa mahigit na 15 taon ang Crime Stoppers ay tumutulong sa Pulisya ng Victoria na mahuli ang mga kriminal. Isa sa mga malaking benepisyo ng Crime Stoppers ay ang mga tao ay maaaring makapagbigay ng impormasyon at manatiling lubos na kompidensiyal."

Christine Nixon
Pinunong Komisyoner, Pulisya ng Victoria

Inilathala sa pamamagitan ng tulong mula sa Pondong Pansuporta sa Komunidad ng Pamahalaang Victoria at Motorola

MOTOROLA intelligence everywhere

Tagalog